# Mga Timeline ng Proseso ng Apela

## May bisa mula sa Marso 1, 2023

Matatagpuan ang mas detalyadong impormasyon sa Pakete ng Impormasyon sa website ng DDS:
https://www.dds.ca.gov/wp-content/uploads/2023/04/Information-Packet-Tagalog.pdf

DDS Department of Developmental Services





# PAUNAWA NG AKSYON

## SINIMULAN ANG PROSESO NG NOA

Magpapadala ang regional center ng Paunawa ng Aksyon bago baguhin o tapusin ang kasalukuyang serbisyo; tanggihan ang bagong serbisyo; o tanggihan ang unang pagiging karapat-dapat o wakasan ang pagiging karapat-dapat.

## IKA-30 ARAW

Sa loob ng 30 araw ng pagtanggap ng Paunawa ng Aksyon at bago ang petsa ng pagkabisa ng iminumungkahing aksyon, maaari kang maghain ng apela at patuloy na makatanggap ng iyong mga kasalukuyang serbisyo. Ang tawag dito ay nakabinbing kabayarang tulong.

## IKA-60 ARAW

Sa loob ng 60 araw ng pagtanggap ng Paunawa ng Aksyon, maaari kang maghain ng apela.

*Ang lahat ng "araw" ay "mga araw sa kalendaryo" maliban kung iba ang nakasaad.

# PROSESO NG APELA – HINDI PORMAL NA PAGPUPULONG



## SINIMULAN ANG APELA

Makakatanggap ang DDS ng iyong form ng kahilingan para sa apela.

## IKA-1 – IKA-3 ARAW

Sa loob ng 1 araw na bukas ang tanggapan, aabisuhan ng DDS ang regional center ng tungkol sa kahilingan para sa hindi pormal na pagpupulong.

## IKA-10 ARAW

Sa loob ng 10 araw mula sa petsang natanggap ng DDS ang form ng kahilingan para sa apela, magsasagawa ang regional center ng hindi pormal na pagpupulong.

## IKA-15 ARAW

Sa loob ng 5 araw ng hindi pormal na pagpupulong, ilalabas ng regional center ang iminumungkahing desisyon.

## IKA-18 ARAW

Sa loob ng 3 araw, magpapasya ka kung ikaw ay sumasang-ayon, o kung gusto mong magpatuloy at abisuhan ang regional center.*

## Maaari mong piliin ang:

- Pag-urong
- Mediation o Pamamagitan
- Pagdinig

* Maaari mong palawigin ang panahon para magpasya na magwe-waive sa unang 90-araw na timeline ng pagdinig.

# PROSESO NG APELA – MEDIATION O PAMAMAGITAN

## IKA-19 NA ARAW

Sa loob ng 1 araw, ipapaalam ng regional center sa DDS at sa Hearing Office (Tanggapan para sa Pagdinig) ang tungkol sa iyong desisyong magpatuloy sa mediation o pamamagitan.

## IKA-30 ARAW

Sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ng DDS ang iyong kahilingan para sa apela, isasagawa ang mediation o pamamagitan.

## IKA-31 ARAW

Sa loob ng 1 araw ng mediation o pamamagitan, padadalhan ka ng mediator o tagapamagitan ng kopya ng iminumungkahing resolusyon. Maaari kang magpatuloy sa iyong apela.

## Maaari mong piliin ang:

- Pag-urong
- Pagdinig

# PROSESO NG APELA – PAGDINIG



## IKA-50 ARAW

Sa loob ng 50 araw mula sa petsang natanggap ang kahilingan para sa apela ay idaraos ang pagdinig.

## IKA-80 ARAW

Sa loob ng 10 araw pagkatapos ng pagdinig ngunit hindi hihigit sa 80 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa apela, gagawa ang Hearing Office (Tanggapan para sa Pagdinig) ng pinal na desisyon sa karamihan sa mga kaso.*

## Ikaw o ang regional center ay maaaring:

- Humiling ng isa pang konsiderasyon
- Umapela sa hukuman
- Ipatupad ang desisyon

*Maaaring repasuhin ng Direktor ang ilang desisyon ng opisyal ng pagdinig. Ginagawa ang pagrerepasong ito bago sumapit ang ika-90 araw maliban kung pinalawig ang panahon.

# PROSESO NG APELA – ISA PANG KONSIDERASYON



## IKA-91 – IKA-105 ARAW

Sa loob ng 15 araw ng pinal na desisyon sa pagdinig, maaari kang humiling ng isa pang konsiderasyon.

## IKA-92 – IKA-120 ARAW

Sa loob ng 15 araw mula nang matanggap ang kahilingan para sa isang pang konsiderasyon, aabisuhan ng Hearing Office (Tanggapan para sa Pagdinig) o DDS ang mga panig ng tungkol sa desisyong pagbigyan o tanggihan ang kahilingan para sa isa pang konsiderasyon.**

## Ikaw o ang regional center ay maaaring:

- Umapela sa hukuman sa loob ng 180 araw ng pinal na desisyon sa pagdinig
- Ipatupad ang desisyon

*Pinalalawig ng isa pang konsiderasyon ang timeline na higit pa sa iniaatas na 90 araw para maresolba ang kahilingan para sa apela.
**Anumang bagong pagdinig ay isasagawa sa loob ng 50 araw at ilalabas ang desisyon nang hindi lalampas ng 40 araw pagkatapos ng bagong pagdinig.

# PROSESO NG APELA – PAGPAPATUPAD

## DESISYON SA PAGDINIG

**IKA-80 – IKA-120 ARAW**

Sa loob ng 30 araw ng pinal na desisyon sa pagdinig, ipatutupad ng regional center ang desisyon, maliban kung:

- Humiling ng isa pang konsiderasyon sa desisyon, o
- May pagpapalawig dahil sa natatanging kalagayan.